JANUARY
Makugihon
FEBRUARY
Mahigugmaon
MARCH
Matinabangon
APRIL
Matinahuron
MAY
Mahapsay og Malinyo
JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras
JULY
Maantigo og Maabilidad
AUGUST
Maginhawahunaon para sa Uban
SEPTEMBER
Madaginoton
OCTOBER
Matinud-anon
NOVEMBER
Masaligan
DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 5

# Filipino

## Ikatatlong Markahan- Modyul 2:
## Paggawa ng Isang Timeline Batay sa Nabasang Kasaysayan



Pangalan: ___________________________________

Baitang/Seksyon:______________________________

Paaralan: ___________________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Janet O. Cadano
**Editor:** Lindo O. Adasa Jr.
Shayne Everette U. Eldian
Philip D. Caermare
**Tagasuri:** Julieta H. Tibon
Roderick R. Luna
Jane J. Maghinay
**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** Edgardo Jamilar Jr.
**Tagalapat:** Peter Alavanza
**Tagapamahala:** Felix Romy A. Triambulo, CESO V
Oliver B. Talaoc, Ed. D.
Ella Grace M. Tagupa, Ed D
Jephone P. Yorong, Ed. D
Lindo O. Adasa Jr



## Alamin

Pagkatapos mong isagawa ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- ❖ makagagawa ng isang timeline batay sa nabasang kasaysayan.



## Balikan

I. Panuto: Unawaing mabuti ang bawat pangungusap. Suriin kung anong gamit ang salitang may salungguhit. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1.Mabagal lumakad ang pagong.

A. Pandiwa B. pang-uri
C. pang-abay D.pangalan

2.Masarap ang sopas na niluto ni Aling Nita. Aling salita ang masasabing nating pang-uri na ginamit sa pangungusap.

A. Masarap B.sopas
C.niluto D.Aling Nita

3.Mabilis matuto si Joshua

A. Pandiwa B.pang-uri
C. pang-abay D. pangalan

4.Masayang tumutulong ang mag-aaral ng Ateneo de Manila sa mga mag-aaral sa pampublikong paaralan.

A. Pandiwa B.pang-uri
C.pang-abay D.pangalan

5.Ang mga mag-aaral ay labis na naapektuhan sa mga nangyayari sa paligid.

A. Pandiwa B.pang-abay
C.pangalan D.pang-uri


| **Aralin 1** | **Makagagawa ng Isang Timeline Batay sa Nabasang Kasaysayan** |
|---|---|



## Tuklasin

Tunghayan ang graphic organizer sa ibaba. Isulat ang limang (5) mahalagang kaganapan noong nakalipas na taon sa iyong buhay batay sa pagkakasunod-sunod na pangyayari nito. Isulat ang petsa ng pangyayari sa bilog at ang mahalagang pangyayari sa nakalaang espasyo na katapat nito.

.



**Tanong:**

1. Batay sa iyong nagawa, ano-ano ang mga mahahalagang pangyayari sa iyong buhay sa nakalipas na taon?

**Sagot:** ______________________________________________

2. Sa ano-anong petsa naganap ang mga pangyayaring ito?

**Sagot:** ______________________________________________

3. Paano mo nasabi na ang mga pangyayaring ito ay mahalaga para sa iyo?

**Sagot:**______________________________________________

Sa araling ito, malalaman mo kung paano makagagawa ng isang timeline batay sa nabasang kasaysayan.



**Suriin**

Basahin at unawaing mabuti ang teksto. Kilalanin si Magellan na bagaman hindi Pilipino at hindi rin Kastila ay may malaking bahagi sa ating kasaysayan.

**Si Ferdinand Magellan at ang Paglalakbay sa Pilipinas**



Si Ferdinand Magellan ay isang Portuges na nakapaglakbay na sa India at Malacca.Umalis si Magellan sa San Lucar, Espanya noong **Setyembre 20, 1519.** Limang barko ang naglulan sa kanya at kanyang mga kasama.

Noong **Marso 16, 1521**, ayon sa tala ni Pigafetta, ay natanawan nila ang Samar. Ito ay bahagi ng mga pulo ng tinawag niyang Kapuluan ni San Lazaro. Sila ay dumaong sa maliit na isla ng Homonhon, sa gawing timog ng Samar.

Mula sa Homonhon, nagpatuloy ang paglalayag ng pangkat ni Magellan hanggang sa makarating sila sa Limasawa noong **Marso 28, 1521**. Sa tulong

ng aliping Malay na si Enrique na nagsilbing tagapagsalin, nakilala ni Magellan sina Raha Kolambu at Raha Siagu. Nagkaroon ng sanduguan nang sumunod na araw. Noong **Marso 31, 1521**, kasabay ng Pasko ng Pagkabuhay, ginanap ang kaunaunahang Misang Kristiyano sa ating kapuluan.

Tumuloy sa Cebu si Magellan para kumuha ng mga pangangailangan sa paglalakbay. Sa tulong pa rin ni Raha Kolambu at ng aliping si Enrique, nagtagumpay si Magellan na maging kaibigan ang pinuno ng Cebu na si Raha Humabon. Kasunod nito ay nahimok niya ang mga pinuno at walong daang Cebuano na maging Kristiyano. Naganap ang binyagan noong **Abril 14, 1521**.

Sinunod ng ibang pinunong katutubo ang pahayag ni Magellan maliban sa pinuno ng Mactan, isang maliit na pulo malapit sa Cebu, na nagngangalang Lapu-lapu. Hinarap ni Magellan si Laou-lapu noong **Abril 27, 1521** ngunit bago pa man sila nakalapit sa pampang ng Mactan, sinalubong sila ni Lapu-lapu at isang madugong labanan ang naganap. Sa kasamaang-palad na masugatan si Magellan na siya niyang ikinamatay.

---

Makabayan Kasaysayang Pilipino, *Alvenia P. Palu-ay, Binagong Edisyon, pp. 56-58*

Ang mga pagkasunod-sunod ng mga pangyayaring inilahad sa paglalakbay ni Magellan sa Pilipinas ay madaling maintindihan gamit ang isang timeline.

Ang **timeline** ay isang grapikong pantulong na nagpapakita ng pagkasunod-sunod ng mga pangyayari sa pamamagitan ng linya. Maaring ayusin ang *timeline* ayon sa oras, petsa o pangyayari na may maikling paglalarawan o detalye tungkol dito. Makatutulong sa higit na pag-unawa ng mga mag-aaral kung lalagyan ng larawan kaugnay ng paksa ang *timeline.*

Narito ang halimbawa ng timeline mula sa tekstong nabasa.

**Timeline sa Paglalakbay ni Magellan sa Pilipinas**

| Setyembre 20, 1519 | Marso 16, 1521 | Marso 28, 1521 | Marso 31, 1521 | Abril 14, 1521 | Abril 27, 1521 |
|---|---|---|---|---|---|
| Umalis si Magellan sa San Lucar, Espanya. | Natanaw nina Magellan ang Samar. | Nakara-ting sila sa Limasawa | Ginanap ang kaunauna hang Misang Kristiyano sa ating kapuluan. | Naganap ang binyagan ng mga pinuno at walong daang Cebuano. | Naganap ang madugong labanan na siyang ikinamatay ni Magellan |



## Pagyamanin

**Panuto:** Ang mga sumunod na tanong ay batay sa teksto at timeline na iyong napag-aralan. Basahing mabuti ang mga tanong at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Kailan umalis si Magellan sa San Lucar, Espanya upang maglakbay?
   A. Marso 16, 1521 B. Setyembre 20, 1519
   C. Abril 27, 1521 D. Marso 31, 1521
2. Saan nakarating ang grupo ni Magellan noong Marso 28, 1521?
   A. Cebu B. Limasawa C. Espanya D. Samar
3. Kailan naganap ang binyagan ng mga pinuno at walong daang Cebuano sa Cebu?
   A. Abril 14, 1521 B. Marso 16, 1521
   C.Setyembre 20, 1519 D. Abril 27, 1521
4. Ano ang naganap noong Abril 27, 1521
   A. Ginanap ang kaunaunahang Misang Kristiyano sa ating kapuluan.
   B. Natanaw nina Magellan ang Samar.
   C. Naganap ang madugong labanan na siyang ikinamatay ni Magellan.
   D. Naganap ang binyagan ng mga pinuno at walong daang Cebuano.
5. Sino ang dayuhang Portuges na nakarating sa Pilipinas noong 1521?
   A. Magellan B. Lapu-lapu
   C.Raha Kolambu at Raha Siagu D. Raha Humabon



## Gawain

**Gawain A**

**Panuto:** Basahing mabuti ang teksto. Pagkatapos ay bilugan ang titik ng tamang sagot ayon sa hinihingi nito mula sa teksto.

.

**EDSA 1, Isang Mapayapang Paglaya**

Noong taong **1986** ay nalagay ang Pilipinas sa mapa ng mundo bilang isang bansa na mapayapang nakapagpatalsik ng isang diktador na pangulo. Ito ay dahil sa isang rebolusyon na hindi nagkaroon ng madugong engkuwentro, bagkus ay kinilala ang pagkakaisa at paggalang ng mga Pilipino sa kalayaan at kapayapaan.

Sa loob ng humigit-kumulang na dalawampung taon ay nabiktima ang mga Pilipino ng isang kapuwa Pilipino. Ideneklara ni Pangulong Ferdinand E. Marcos ang Batas Militar. Sa mga panahong iyon ay namayani si Marcos

bilang diktador. Hinuli at ikinulong ang sinumang tumaliwas sa kanya. Maraming ipinagbawal, maraming hinuli at ikinulong. Isa na rito si dating Senador Benigno “Ninoy” Aquino Jr. Palagian at tahasan ang kaniyang pagkontra sa administrasyon ni Marcos, hanggang sa ipatapon siya sa America.

Bumalik si Ninoy Aquino sa Pilipinas noong Agosto 21, 1983 ngunit siya ay pinatay sa paliparan. Dito nagsimula ang pagsiklab ng galit ng mga Pilipino. Dumami ang kilos-protesta na hayagang kumukontra kay Marcos. Dumating ang 1986 at nahikayat ang biyudang si Corazon “Cory” Aquino na labanan si Marcos sa pagkapangulo. Natalo si Cory at marami ang nakadamang siya ay labis na dinaya. Hanggang sa isang panawagan ni Jaime Cardinal Sin, nagpunta ang mga Pilipino sa EDSA, at dito nagsimula ang apat na araw na rebolusyon.

Sa loob ng apat na araw, nagkapit-bisig ang mga militar, relihiyoso, politiko, at mga ordinaryong Pilipino. Walang naganap na labanan at barilan, hanggang sa napalambot ang puso ng mga sundalo at pulis. Bumaligtad sila kay Marcos hanggang sa umalis ng bansa ang pamilyang ng diktador. Nailuklok si Cory Aquino bilang pangulo ng bansa sa mapayapang paraan. Siya ay kinilala bilang Ina ng Demokrasya at Haligi ng Mapayapang Paglaya

Alab Filipino, *Patricia Jo C. Agarrado, M.L.F et.al. (2016) pp. 140-141*

1. Batay sa teksto, alin sa mga sumsunod ang wastong timeline ng mga pangyayari bago at matapos ang EDSA 1?

A.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Idineklara ni Pangulong Ferdinand E. Marcos ang Batas Militar. | Noong Agosto 21, 1983 bumalik si Ninoy Aquino sa Pilipinas ngunit siya ay pinatay sa paliparan. | Taong 1986 nahikayat ang biyudang si Corazon Aquino na labanan si Marcos sa pagkapangulo. | Natalo si Cory at marami ang nakadama na siya ay dinaya. | Sa loob ng apat na araw, nagkapit-bisig ang mga military relihiyoso, politikoat mga ordinaryong Pilipino. | Nailuklok si Cory Aquino bilang pangulon g bansa. |

B.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Idineklara ni Pangulong Ferdinand E. Marcos ang Batas Militar. | Noong Agosto 21, 1983 bumalik si Ninoy Aquino sa Pilipinas. | Taong 1986 nahikayat ang biyudang si Corazon Aquino na labanan si Marcos sa pagkapangulo. | Natalo si Cory at marami ang nakadama na siya ay dinaya. | Nailuklok si Cory Aquino bilang pangulong bansa sa mapayapang paraan. | Sa loob ng apat na araw, nagkapit-bisig ang mga military relihiyoso, politikoat mga ordinaryong Pilipino. |

C.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Noong Agosto 21, 1983 bumalik si Ninoy Aquino sa Pilipinas ngunit siya ay pinatay. sa paliparan. | Idineklara ni Pangulong Ferdinand E. Marcos ang Batas Militar. | Taong 1986 nahikayat ang biyudang si Corazon Aquino na labanan si Marcos sa pagkapangulo. | Natalo si Cory at marami ang nakadama na siya ay dinaya. | Nailuklok si Cory Aquino bilang pangulong bansa sa mapayapa ng paraan. | Sa loob ng apat na araw, nagkapit-bisig ang mga military relihiyoso, politikoat mga ordinaryong Pilipino. |

D.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Noong Agosto 21, 1983 bumalik si Ninoy Aquino sa Pilipinas. | Taong 1986 nahikayat ang biyudang si Corazon Aquino na labanan si Marcos sa pagkapangulo. | Idineklara ni Pangulong Ferdinand E. Marcos ang Batas Militar. | Natalo si Cory at marami ang nakadama na siya ay dinaya. | Sa loob ng apat na araw, nagkapit-bisig ang mga military relihiyoso, politikoat mga ordinaryong Pilipino. | Nailuklok si Cory Aquino bilang pangulong bansa. |

2. Ano ang pangyayring naganap noong Agosto 21, 1983?
A. Hinikayat ang biyudang si Corazon "Cory" Aquino na labanan si Marcos sa pagkapangulo.
B. Bumalik si Ninoy Aquino sa Pilipinas ngunit siya ay pinatay sa paliparan.
C. Nalagay ang Pilipinas sa mapa ng mundo bilang isang bansa na mapayayapang nakapagpatalsik ng isang diktador.
D. Nailuklok si Cory Aquino bilang pangulo ng bansa sa mapayapang paraan.
3. Sinong pangulo ang nagdeklara ng Batas Militar sa Pilipinas?
A. Ferdinand E. Marcos B. Corazon "Cory" Aquino'
C.Benigno "Ninoy" Acquino Jr. D.Gloria Macapagal Arroyo
4. Kailan nangyari ang EDSA rebolusyon?
A. 1985 B. 1986 C. 1983 D. 1980
5. Sino ang kinilala bilang Ina ng Demokrasya at Haligi ng Mapayapang Paglaya?
A. Corazon "Cory" Aquino' B. Gloria Macapagal Arroyo
C.Jaime Cardinal Sin D. Wala sa nabanggit

**Gawain B**

**Panuto:** Pag-aralan ang timeline sa ibaba. Gawin itong batayayn sa pagsagot ng mga sumusunod na tanong. Isulat ang tamang sagot sa patlang bago ang bilang.

**Timeline ng mga Naging Pangulo ng Pilipinas mula Taong 1961**

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **1961** Diosdado Macapagal | **1965** Ferdinand E. Marcos | **1986** Corazon C. Aquino | **1992** Fidel V. Ramos | **1998** Joseph E. Estrada | **2001** Gloria M. Arroyo | **2010** Benigno Aquino III | **2016** Rodrigo R. Duterte | |

1. Batay sa *timeline*, sino ang naging pangulo noong taong 1992?
A. Gloria M. Arroyo B. Joseph E. Estrada
C. Fidel V. Ramos D. Corazon C. Aquino

2. Kailan naging pangulo ng Pilipinas si Diosdado Macapagal?
   A. 1986 B. 1988 C. 2001 D. 1961
3. Sino ang naging pangulo pagkatapos ni Pangulong Gloria M. Arroyo?
   A. Rodrigo R. Duterte B. Benigno C. Aquino III
   C.Joseph E. Estrada D. Fidel V. Ramos
4. Batay sa timeline sino ang naging pangulo noong taong 2016 hanggang sa kasalukuyan?
   A. Benigno Aquino III B.Rodrigo R. Duterte
   C.Gloria M. Arroyo D. Joseph E. Estrada
5. Batay sa timeline, tungkol saan ang mga pangyayaring inilahad dito?
   A. Timeline ng mga Naging Pangulo ng Pilipinas mula Taong 1961
   B. Timeline ng mga Naging Pangulo ng Pilipinas mula Taong 1965
   C. Mga Pangyayaring Naganap sa mga Pangulo ng Pilipinas
   D. Ang Taon ng Kapanganakan ng mga Pangulo ng Pilipinas



**Isaisip**

Ano ang pinagbatayan ninyo sa paggawa ng isang timeline?

________________________________________________

Bakit mahalaga na tama ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari ?

________________________________________________
________________________________________________





**Tayahin**

**I. Panuto:** Basahin at unawain ng mabuti ang teksto. Gawin itong batayan upang masagutan ang mga pangyayari ayon sa pagkasunod-sunod nito. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

Para sa bilang 1 – 3, pag-aralan ang *timeline* sa ibaba tungkol sa mga pangyayari sa buhay ni Rizal noong siya'y nasa murang edad pa lamang.

Hunyo 19, 1861 Ipinanganak si Dr. Jose Rizal sa Calamba, Laguna

Tatlong taon gulang si Rizal ay tinuruan ng abakada ng kanyang ina


Nang siya'y siyam na taong gulang, si Jose ay ipinadala sa Binan.

Nag-aral sa ilalim ng pamamahala ni Padre Justiniano Aquino Cruz

Pagkalipas ng ilang buwan ay pinayuhan na ito na lumipat sa Maynila.

1. Kailan ipinanganak si  Dr.Jose Rizal?
   A. Hunyo 19, 1861
   B. Hulyo 18, 1961
   C. Hunyo 18,1961
   D. Hulyo 19,1816
2. Ilang taon si Rizal noong siyay sinimulang turuan ng kanyang Ina?
   A. Isang taong gulang
   B. Walong taong gulang
   C. Tatlong taong gulang
   D. Siyam na taong gulang.
3. Noong si Jose Rizal ay nasa siyam na taong gulang, saan siya ipinadala ng kanyang mga magulang?
   A. Sa Laguna
   B. Sa Calamba
   C. Sa Binan
   D. Sa Maynila

Para sa bilang 4 – 5, pag-aralan ang *timeline* sa ibaba tungkol sa mga pangyayari sa buhay ni Rizal noong siya'y nag-aaral.




4. Batay sa inihayag na pangyayari sa *timeline,* sa anong paaralan nag-aral si Jose Rizal noong 1872?
   A. Ateneo Municipal de Manila B.Pamantasan ng Santo Tomas at
   C.Ateneo Municipal de Manila D.sa Madrid, Espanya

5. Saan nagtungo si Rizal noong Mayo 5, 1882?
   A. sa Europa B.sa Maynila C. sa Madrid, Espanya D. sa Binan



**Karagdagang Gawain**

Magsaliksik ng mga mahahalagang pangyayari sa ating bansa sa loob ng isag taon at gawan ito ng timeline. ***(10 puntos)***

*Susi sa Pagwawasto*

Balikan
1. C
2. A
3. C
4. B
5. D

Pagyamanin
1.) B
2.) B
3.) A
4.) C
5.) A

Gawain A
1. A
2. B
3. A
4. B
5. A

Gawain B
1. C
2. D
3. B
4. B
5. A

Tayahin
1. A
2. C
3. C
4. A
5. A

***Sanggunian:***

*Patricia Jo C. Agarrado, M.L.F et.al. (2016)* Alab Filipino. Quezon City. Vibal Group, Inc. *pp. 140-141*

*Alvenia P. Palu-ay.*Makabayan Kasaysayang Pilipino *Binagong Edisyon, pp. 56-58*

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.